## Maaari mong mabawasan ang mga problema at hindi pagkakaintindihan sa isang abogado sa pamamagitan ng ilang simpleng hakbang:

- Tiyaking may lisensiya ang iyong abogado na magsanay ng abogasya sa California. Hingin ang kanilang numero ng State Bar at pumunta sa www.calbar.ca.gov upang kumpirmahin ang katayuan ng abogado. Talakayin sa iyong abogado kung ano ang kaniyang gagawin para sa iyo at ano ang magiging halaga ng gastos. Kung magtatrabaho para sa iyo ang abogado sa paraang nakabatay ang bayad sa kaniya sa bayaring makukuha sa matagumpay na kaso (contingency fee basis), inaatas ng batas ang pagkakaroon ng kontrata. Para sa anumang uri ng pakikipag-ugnayan, kung hihigit sa $1,000 ang halaga ng iyong mga gastos, iniaatas ng batas ang isang nakasulat na kontrata.
- Maaari kang humiling ng detalyadong pagsingil o accounting kada buwan.
- Maging tapat sa iyong abogado at magbigay ng kumpletong impormasyon tungkol sa iyong kaso, kabilang ang anumang maaaring nauugnay na dokumento. Magtabi ng kopya ng iyong mga rekord.
- Humingi sa abogado ng pagtatantiya ng kung gaano karaming oras ang maaring kailanganin para sa iyong kaso. Gayunpaman, dapat mong malaman na maaaring magkaroon ng mga pagkakaantala bilang resulta ng mga sitwasyong hindi makokontrol ng iyong abogado.
- Magtabi ng mga kopya ng anumang pakikipag-ugnayan pati ng mga detalyadong tala tungkol sa anumang tawag na ginawa mo sa opisina ng iyong abogado.
- Hilingin sa iyong abogado na patuloy kang i-update sa kaso mo. Maaari mong hilingin sa abogado na padalhan ka ng mga kopya ng mga sulat at anumang opisyal na dokumentong inihain sa korte.

## MAKIPAG-UGNAYAN SA STATE BAR NG CALIFORNIA

**Mga Panuntunan ng Propesyonal na Gawi at Batas ng State Bar para sa Mga Abogado sa California**
www.calbar.ca.gov/rules

**Mga Pagtutol sa Bayarin**
www.calbar.ca.gov/fee-disputes
415-538-2020

**Mga Reklamo:** Maling Gawi ng Abogado o Hindi Awtorisadong Pagsasanay ng Abogasya
www.calbar.ca.gov/Filecomplaint
800-843-9053 (Labas ng California: 213-765-1200)

**Pondo para sa Seguridad ng Kliyente**
Binabayaran muli ang mga kliyenteng nawalan ng pera o pag-aari dahil sa maling gawi ng abogado.
May naaangkop na mga paghihigpit.
213-765-1140
Email: clientsecurityfund@calbar.ca.gov

### Mga Tanggapan

**Pangunahing Tanggapan:**
The State Bar of California
180 Howard Street
San Francisco, CA 94105
415-538-2000

**Tanggapan sa Los Angeles:**
The State Bar of California
845 South Figueroa Street
Los Angeles, CA 90017
213-765-1000

I-follow ang State Bar:


**www.calbar.ca.gov**
**866-44-CA-LAW**

Naghahanap ng impormasyon tungkol sa mga legal na serbisyo sa iyong katutubong wika? **Tumawag sa State Bar sa 866-44-CA-LAW.**

Available din ang pamphlet na ito sa wikang:

Spanish Español • Vietnamese Tiếng Việt
Korean 한국어 • Chinese 中文
• Russian Русский • Tagalog

May bisa ang impormasyon sa pamphlet na ito simula Pebrero 2020.



# Kung Mayroon Kang Problema sa isang Abogado

The State Bar *of California*

## ANO ANG DAPAT MONG ASAHAN MULA SA IYONG ABOGADO?

Kung kukuha ka ng isang abogado sa California, dapat mong asahan na bibigyan ka niya ng payo at siya ay kakatawan sa iyo sa propesyonal na paraan. Sa partikular, dapat mong asahan ang iyong abogado na:

- Kumilos ayon sa etika at sumunod sa Rules of Professional Conduct (Mga Panuntunan ng Propesyonal na Gawi) at California Business and Professions Code (Kodigo ng California sa Negosyo at Mga Propesyon). (Tingnan ang likurang bahagi para sa higit na impormasyon.)
- Isakatuparan ang independiyente at propesyonal na pagpapasya sa iyong ngalan.
- Masigasig kang katawanin at isaalang-alang ang lahat ng legal at etikal na paraan upang ipakita o ipagtanggol ang iyong kaso.
- Panatilihin ang pagiging kumpidensiyal na may bibihira lamang na pagbubukod. Hayaan kang gumawa ng mga pinal na desisyon sa kung paano hahawakan ang iyong kaso.
- Panatilihin kang na-a-update sa pagsulong ng iyong kaso.

Para sa karamihan ng mga tao, magaang proseso ang pakikipagtulungan sa isang abogado. Gayunpaman, kung may mga naganap na problema, binuo ng State Bar ang pamphlet na ito upang tulungan ka. Nagbibigay ito ng maaasahang impormasyon sa kung paano mo matutugunan at malulutas ang mga problema sa iyong abogado.

# Huwag Palakihin Ang Mga Problema sa Iyong Abogado



### Kung May Naganap na Problema, Umaksiyon Agad

- Agad na makipag-ugnayan sa iyong abogado sa pamamagitan ng telepono sa unang senyales ng problema o alalahanin. Mag-follow up sa pamamagitan ng sulat o email kung kailangan.
- Hilinging makipagkita sa iyong abogado nang personal kung hindi nalutas ang iyong problema o alalahanin.
- Kung hindi tumutugon ang iyong abogado sa iyong mga kahilingang lutasin ang iyong problema, isaalang-alang na magsagawa ng karagdagang aksiyon, tulad ng nakabalangkas sa ibaba.

### Kung Sa Palagay Mo Ay Hindi Etikal Ang Kinikilos ng Iyong Abogado

Narito ang ilang mga halimbawa ng gawi ng abogado na lalabag sa mga etikal na panuntunan ng gawi:

- Kumuha ka ng isang abogado isang taon ang nakalipas, at hindi siya tumutugon sa iyong mga sulat o tawag.
- Sinabi sa iyo ng isang kumpanya ng insurance na may ipinadalang tseke para sa pag-areglo (settlement) sa iyong abogado dalawang buwan na ang nakalipas, ngunit hindi pa nakipag-ugnayan sa iyo ang iyong abogado tungkol sa tsekeng ito.
- Inareglo ng iyong abogado ang kaso mo nang walang pahintulot mula sa iyo.
- Hindi nakapaghain ng demanda ang iyong abogado sa palugit na petsa.

Kung may pinaghihinalaan kang kahit anong uri ng maling gawi ng iyong abogado, dapat kang maghain ng reklamo sa State Bar.

Maaari kang maghain ng reklamo online, sumulat, o tumawag sa aming hotline ng reklamo upang mapadalhan

### Kung Hindi Ka Sumasang-ayon sa Payo ng Iyong Abogado

- Makipag-usap sa iyong abogado upang matiyak na nauunawaan mo ang kaniyang payo at estratehiya.
- Kung hindi ka nasisiyahan, maaaring gusto mong kumuha ng pangalawang opinyon mula sa isa pang abogado.
- Kung hindi ka pa rin nasisiyahan, maaaring gusto mong humanap ng isa pang abogado.
- Maaari mong wakasan ang iyong ugnayan sa abogado anumang oras.

### Kung Mukhang Lubos na Mataas ang Singil ng Iyong Abogado

- Makipag-usap sa iyong abogado upang tiyaking nauunawaan mo kung para saan ka sinisingil ng iyong abogado at kung walang pagkakamali sa pagsingil. Humingi ng accounting.
- Kung hindi nito malulutas ang problema, maaari kang humiling ng arbitrasyon sa bayarin, na isang pormal na pagsusuri ng isang arbitrador o tagapamagitang abogado o isang lupon sa arbitrasyon.
- Upang humiling ng arbitrasyon, maaari kang makipag-ugnayan sa lokal na asosasyon ng bar kung saan ibinibigay ang mga legal na serbisyo o pumunta sa web page ng State Bar para sa mga pagtutol sa bayarin. (Tingnan ang likurang bahagi para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan.)